8

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kuwarter 4

Aralin

4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 8**
**Kwarter 4: Aralin 4 (Linggo 4)**
**TP 2025-2026**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panunurang 2025-2026. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**:

- Allan A. Ortiz. Phd, SMRIEdr, SMRIM- (Elizabeth Seton School - Las Pinas Campus)

**Tagasuri**:

- PNU-RITQ Team

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – Florante at Laura para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakalilikha ang mag-aaral ng spoken poetry na nagtatampok sa apat na himagsik ni Balagtas na maiuugnay sa panunumbalik ng Kalinangang Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa<br>- Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay, at tunggalian) at detalye sa Florante at Laura<br>-Naipaliliwanag ang banghay (gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (foreshadowing), pagkakahanay ng mga pangyayari (parallelism and simultaneity), at pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (in medias res), mensahe, pahiwatig at kaisipan sa Florante at Laura.<br>-Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng Florante at Laura batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>-Nasusuri ang mahahalagang pangyayari ng teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, sosyo-kultural, lunan, at may-akda<br>-Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika sa Florante at Laura (sukat, tugma, talinghaga at estilo)<br>-Naipahahayag ang sariling saloobin, pananaw at damdamin tungkol sa ilang napapanahong isyu kaugnay ng isyung tinalakay sa akda<br> Nasusuri ang mga tekstong biswal na makikita sa Florante at Laura<br>-Naipaliliwanag ang kahulugan ng tekstong biswal (gaya ng Alegorya sa Florante at Laura: puno ng Higuera, mababangis na hayop, gubat na mapanglaw at kasuotan ng mga piling tauhan sa Obra Maestra- Florante at Laura<br>-Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng Obra Maestra- Florante at Laura. |
| **D. Nilalaman** | Florante at Laura (Saknong 69-172) |

| | |
|---|---|
| | Kahulugan ng tekstong biswal ng saknong 69-172<br>Tayutay |
| **E. Integrasyon** | Ugayang Pangkapayapaan |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| @CEFilipinoKlasics .[Video] Animated Video Classics. https://www.youtube.com/@CEFilipinoKlasiks |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**BALIK-ARAL:** Sagutin ang mga tanong batay sa nakaraang paksa.<br>**Gabay na tanong:**<br>1. Ano-anong istilong pampanitikan o "*literary devices*" ang ginamit ni Balagtas sa kanyang pagsulat ng Florante at Laura?<br>2. Ang-anong alegoryang makikita a simula ang awit? Isa-isahin at ibigay ang kahulugan.<br>3. Anong himagsik ni Balagtas ang inillarawan sa unang babahgi ng aralin? Ipaliwanag. | Magbabalik-aral ang klase gamit ang mga gabay na tanong. Gawing oral ang balik-aral sa klase. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**1.1. TALA-ARALIN –** Pag-aralan ang mga uri ng tayutay na mababasa sa link sa baba at sagutin ang pagsasanay<br><br>Link: https://www.slideshare.net/slideshow/sangkap-at-elemento-ng-tula/23506585#25<br><br>Panuto: Tukuyin ang tayutay na ginamit sa bawat bilang. Isulat sa salungguhit ang sagot.<br>____________________1. [9] Baguntaong basal ang anyo at tindig<br>kahit nakatali, kamay, paa't leeg, | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. Pawangis<br>2. Patulad<br>3. Padamdam |

kung di si Narciso'y tunay na Adonis

_________________2. [10] Makinis ang balat at anaki'y burok
pilik mata't kilay mistulang balantok,

_________________3. [19]"O, taksil na pita sa yama't mataas!
O, hangad sa puring hanging luilipas!
Ikaw ang dahilan ng kasam-ang lahat,
At niring nasapit na kahabag-habag!

_________________4. [11] Dangan doo'y waalng Oreadas Nimfas
Gubat na palasyo ng masidhing Harpias,

_________________5. [12] Ang bayang uyamin ng daita't sakit
ang daalwang mata'y bukal ang kaparis;

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**2.1. TALASALITAAN –** Isulat sa salungguit ang kahulugan ng salita sa bawat bilang. Piliin ang sagot sa kahon.

| | | |
|---|---|---|
| Iiyak | tumatak | mga taong pagod |
| kabiyak | kalungkutan ko'y nawala | nasawi |

1. kapilas ng langit - ____________________
2. dadaloy ang luha - ____________________
3. madling hilahil - ____________________
4. natirik sa puso - ____________________
5. lumbay ko'y mapakinit - ____________________

2.2. Isulat ang kasalungat na kahulugan ng salita sa bawat bilang. Piliin ang sagot sa kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| madilim | malabo | maligaya | mataas | mahinahon |


1. umid - ____________________
2. mapanglaw - ____________________
3. malinaw - ____________________
4. marahas - ____________________

4. Pawangis
5. Patulad


Sagot:
1. kabiyak
2. iiyak
3. mga taong pagod
4. tumatak
5. kalungkutan ko'y mawala

2.2.
1. mataas
2. maligaya
3. malabo
4. mahinahon


| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1:** ____________________<br>**FLORANTE AT LAURA (SAKNONG 1-68)**<br>**VIDEO -** Panoorin ang video ng aralin ng saknong 69-172 gamit ang link.<br>Link: https://youtu.be/4vX4Ci7U74I?si=hUrLxTn0imh1Vw56<br>https://youtu.be/pfPvhzYm6x4?si=gk9V6yYTgPFryEKx<br>https://youtu.be/Vb1mi55qKac?si=cQdewl45mESfHYGB<br>https://youtu.be/fMPIbH3Ho5w?si=9ZgvxtzJtd0oIpDc<br>https://youtu.be/mkcHVDEuHgQ?si=85ZBf8sVAD0r531r<br>https://youtu.be/35km2LVENJk?si=yI0FVY9l8gtEyc9u<br>https://youtu.be/V_0O_4i4Vko?si=80a2QRqF9lJS9icZ<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**PANGKATALAKAYAN**<br><br>Pangkat 1 – Suriin ang tauhan sa pamamagitan ng *Character Profile.*<br><br>**Florante**<br>Bansang Kinabibilangan:<br>____________________<br>Relihiyon<br>____________________<br>Katangoang Pisikal<br>____________________<br>Kakayahan / Talino:<br>____________________<br><br>**Aladin**<br>Bansang Kinabibilangan:<br>____________________<br>Relihiyon<br>____________________<br>Katangoang Pisikal<br>____________________<br>Kakayahan / Talino:<br>____________________<br><br>Pangkat 2 - Bigyang pagtalakay at pagsusuri ang banghay ng saknong 69-172 batay sa elemento. | **Ikalawa at Ikatlong Araw**<br>Ipapanood sa mga mag-aaral ang Florante at Laura saknong 69-172 gamit ang link. Pangkatin ang klase at ipasuri ang saknong 69-172 batay sa mga gawain sa bawat pangkat. Ibabahagi ng bawat pangkat ang kanilang gawa. |




Pangkat 3 - Bigyang pagtalakay at pagsusuri ang banghay ng saknong 69-172 batay sa istilong pampanitikang ginamit ni Fransico Balagtas sa kanyang awit na Florante at Laura gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagbabalik-taanw (flashback), pagkakahanay ng mga pangyayari (parallelism and simultaneity), at simbolismo, mensahe, pahiwatig at kaisipan.





Pangkat 4 –Iugnay ang mahahalagang kaisipan ng Florante at Laura batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao batay tauhang si Aladin.




Pangkat 4 –Bigyang pagsusuri ang mahahalagang pangyayari ng Florante at Laura Saknong 69-172 batay sa konteksto ng panahon, sosyo-kultural, lunan, at may-akda. Balikan ang Himagsik ni Balagtas at ang kalagayang ng panahong ito sa pagsusuri.

| **Florante at Laura Saknong 69-172** | | | |
|---|---|---|---|
| **Himagsik ni Balagtas** | **Panahon** | **Sosyo-kultural** | **Pag-uugnay sa kasalukuyan** |
| | | | |

Pangkat 5 –Bigyang pagsusuri ang mga elementong panlingguwistika sa Florante at Laura talinghaga at estilo. Magbigay ng mga halimbawang saknong upang ipakita ang mga tinukoy na elementong panglingguwistika.



**Rubric:**

Bilang ng Pangkat: ______________________ Marka: _________

| MGA PAMANTAYAN | NAPAKAHUSAY (4) | MAHUSAY (3) | DI GAANONG MAHUSAY (2) | PAGHUSAYAN PA (1) |
|---|---|---|---|---|
| Paglalahad | Napakaayos at angkop ang ginawang paglalahad | Maayos at angkop ang ginawang paglalahad | Hindi gaanong maayos at angkop ang ginawang paglalahad | Malabo ang ginawang paglalahad |
| Nilalaman | Napakalinaw ng nilalaman ng ulat | Malinaw ng nilalaman ng ulat | Hindi gaanong malinaw ng nilalaman ng ulat | Malabo ang nilalaman ng ulat |
| Kawastuhan | Higit na tama ang mga detalye at impormasyon | Sapat ang mga detalye at impormasyon | May isa o dalawang mali sa mga detalye at impormasyon | Maraming mali sa mga detalye at impormasyon |
| Kagamitan | Higit na nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Hindi gaanong nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Walang ginamit na props sa ginawang pag-uulat |
| Pagkakasunos-sunod | Napakaayos ang pagkakasunod-sunod ng ginawang paglalahad | Maayos ang pagkakasunod-sunod ng ginawang paglalahad | Hindi gaanong maayos ang pagkakasunod-sunod ng ginawang paglalahad | Lubhang magulo ang pagkakasunod-sunod ng ginawang paglalahad |

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**I-TSEK MO** Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang salunggunit kung ang pahayag ay totoo at ekis (x) kung hindi totoo.

_________ 1. Kasintahan ni Aladin si Flerida
_________ 2. Inagaw ng isang heneral ang kasintahan ni Aladin
_________ 3. Isang gerero si Aladin
_________ 4. Nagtaka ang Moro sa kanyang narinig na panaghoy.
_________ 5. Umupo si Aladin sa isang puno hanag lumuluha.
_________ 6. Nakikini-kinita ni Florante ang nangyari sa ama.

**Mga Tamang Sagot:**
1. /
2. x
3. /
4. /
5. /
6. /

_________ 7. Nakita agad ng gerero ang taong nananangis sa gubat.
_________ 8. Natuwa si Florante sa nangyari sa kanyang ama.
_________ 9. Huwaran sa kabaitan sa kaharian si Duke Briseo.
_________ 10. Malupit si Konde Adolfo.

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

Ipahayag ang sariling saloobin, pananaw at damdamin tungkol sa ilang napapanahong isyu kaugnay ng isyung tinalakay sa akda.
a. Mahalin mo ang iyong kaaway
b. Pantay ang tao sa paningin ng Diyos

| **Isyung Napapanahon:** Mahalin mo ang iyong kaaway | |
|---|---|
| TAMA | MALI |
| Patunay: | Patunay: |
| Kongklusyon: | |

| **Isyung Napapanahon:** Pantay ang tao sa paningin ng Diyos | |
|---|---|
| TAMA | MALI |
| Patunay: | Patunay: |
| Kongklusyon: | |

7. x
8. x
9. /
10. /

Bigyang panahon na sagutin ng mag-aaral ang isyung napapanahon. Matapos ay hayaang pumili ang mag-aaral ng kamag-aaral upang ibahagi ang kanilang mga sagot. Matapos ng gawain ay pumili ng mag-aaral na magbabahgi ng kanyang nakuha mula sa pagbabahaginan. Gabayan ang mga mag-aaral sa bahaging ito ng talakayan.

<table>
<tr><td></td><td>

**Rubrik sa Pagmamarka**

5- Napakahusay

4- Mahusay

3- Katamtamang Husay

2- Di-Gaanong Mahusay

1- Nangangailangan ng Pagpapahusay

| **Pamantayan** | **Iskor** |
|---|---|
| **1.** Nasagot ba nang wasto ng mga tanong sa pagsusuri? | |
| **2.** Malinaw bang naipaliwanag ang pasalitang pag-uulat? | |
| **3.** Nakibahagi ba ang lahat sa pagsasagawa sa iniatang na gawain? | |
| **Kabuoan (15 puntos)** | |

</td><td></td></tr>
<tr><td>

**D. Paglalahat**

</td><td>

**1. Pabaong Pagkatuto**

**SULAT-REPLEKSYON –** Sumulat ng repleksyon batay sa ginawang pagtalakay sa isyung nakapaloob sa aralin.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**Rubrik sa Pagmamarka**

5- Napakahusay

4- Mahusay

</td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 3- Katamtamang Husay<br><br>2- Di-Gaanong Mahusay<br><br>1- Nangangailangan ng Pagpapahusay | |

| Pamantayan | Iskor |
|---|---|
| 1. Malinaw ba ang diwang ipararating ng repleksyon? | |
| 2. Wasto ba ang gramatikang ginamit sa mga pangungusap? | |
| 3. Naiugnay ba ang repleksyon sa araling tinalakay at sa sarili? | |
| **Kabuoan (15 puntos)** | |

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**NILAY-HAYAG:** Dugtungan ang mga pahayag batay sa iyong karanasan.
Sa araling ito:

- Nalaman kong ______________________________________________.
- Naranasan kong ____________________________________________.
- Naramdaman kong __________________________________________.
- Para sa akin, Florante at Laura bilang isang uri ng panitikan sa kasalukuyang panahon ay______________.
- Bilang mag-aaral___________________________.

**GABAY-NILAY**: Pasulat
Isulat sa isang talata ang sagot sa mga sumusunod na katanungan.
1. Ano ang naging hamon o balakid sa inyong pagkatuto?
2. Ano ang nakatulong upang maunawaan ang aralin?
3. Ano ang dapat ninyong gawin upang mapaunlad pa ang pagkatuto sa aralin?

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit** | **Mga Tamang Sagot:**<br>A.<br>1. B |

| | | |
|---|---|---|
| | A. Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.<br><br>1. Saang siyudad nagbuhat si Aladin?<br>a. Etolya c. Albanya<br>b. Persiya d. Atenas<br><br>2. Ano ang kahulugan ng pinag-isang palad?<br>a. pinag-uusig ng kapalaran<br>b. magkapareho ng kapalaran<br>c. magkaiba ng kapalaran<br>d. magdaupang-palad<br><br>3. Ilang buwan nanirahan sa gubat ang dalawa?<br>a. sampung buwan c. apat na buwan<br>b. animna buwan d. limang buwan<br><br>4. Kailan inulit ni Aladin ang pagsasalaysay tungkol sa kanyang buhay?<br>a. pagkatapos malibot ang loob ng gubat<br>b. samantalang sila'y naglilibang<br>c. nawaglit sa alaala si Flerida<br>d. samantalang nangangaso<br><br>5. Aling hirap ang higit na dinanas si Aladin?<br>a. ang maraming giyerang kanyang nasunugan<br>b. pagtitiis dahil kay Flerida<br>c. ang pakikipaglaban sa hukbo ni Florante<br>d. ang kataksilan ni Flerida<br><br>6. Sino ang nakakawangis ni Flerida ayon kay Aladin?<br>a. Venus c. Diana<br>b. Nimpas d. Houris<br><br>7. Sino ang naging kaagaw ni Aladin kay Flerida?<br>a. Miramolin c. Menandro<br>b. Sultan Ali-Adab d. Menalipo<br><br>8. Bakit nahatulang pugutan ng ulo si Aladin? | 2. B<br>3. D<br>4. A<br>5. B<br>6. A<br>7. B<br>8. A<br>9. C<br>10. D<br><br>B.<br>1. 1<br>2. 2<br>3. 3<br>4. 4<br>5. 5 |

a. dahil sa pagkakabawi ni Florante sa Reynong Albanya
b. dahil sa pagkakaiwan niya sa mga sundalo
c. napatay niya si Hen. Osmalik
d. upang si Flerida'y mapasa-kay Sultan Ali-Adab.

9. Ilang taon si Alading palibot-libot sa kagubatan hanggang matagpuan si Florante?
   a. Apat na taon
   b. Limang taon
   c. Anim na taon
   d. Pitong aton

10. Anong hayop ang sasakmal sa nakataling si Florante?
   a. serpente
   b. dragon
   c. tigre
   d. leon

B. Panuto: Pagsunod-sunorin ang nakatalang pangyayari. Lagyan ng bilang 1-5 ang mga taludtod.

____ 11. Inusig ng taga ang dalawang león
Si Apolo mandin ang serpyenteng Piton
walang bigong kilos na di nababaon
ang lubhang bayaning tabak na pamutol

____ 12. Sa tin aghoy-taghoy na kasindak-sindak
gerero'y hindi na mapigil ang bahag,
tinunton ang boses at siyang hinanap,
patalim ang siyang nagbukas ng landas.

____ 13. Sandaling tumigil itong nananangis,
binigyang panahong luha'y tumagistis
niyong naawang Morong nakikinig
sa habag ay halos magputok ang dibdib.

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">____ 14. Gerero’y namangha nang ito’y marinog<br>pinagbaling-aling sa gubat ang titig,<br>nang walang makita’y hinintay umulit<br>di naman naglao’y nagbagong humibik.<br><br>____ 15. Nagkataong siyang pagdating sa gubat,<br>ng isang gererong bayani ang tikas,<br>putong na turbante ay kalingas-lingas,<br>pananamit Moro sa Persyanong siyudad.<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>- Basahin ang saknong Saknong 173-257 ng Florante at Laura<br>- Pag-aralan at suriin ang mga saknong batay sa tayutay na ginamit, istilong panglingguwistika at mahahalagang element nito.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan</td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | ▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |